DISCOVER. UNDERSTAND. APPLY

# Bible Study:

## Efeso 3:14-21

SMALL GROUP SESSION

Oktubre 31, 2021

# Efeso 3:14-21

MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

**Pagtutuklas** na Tanong

**Pag-uunawang** na Tanong

**Aplikasyon**

# Efeso 3:14-21

## MBBTAG

### Ang Pag-ibig ni Cristo

14 Dahil dito, ako'y lumuluhod sa
harapan ng Ama, 15 na mula sa
kanya'y nagkakaroon ng pangalan
ang bawat sambahayan sa langit
at sa lupa. 16 Idinadalangin kong
sa pamamagitan ng kanyang
Espiritu ay palakasin niya ang
inyong buhay espirituwal ayon sa
kanyang kayamanan at
kadakilaan.



# Efeso 3:14-21

**MBBTAG**

17 Nawa'y manatili si Cristo sa
inyong mga puso sa
pamamagitan ng inyong
pananalig. Dalangin ko na ang
pag-ibig ang maging ugat at
pundasyon sa lahat ng inyong
gawain 18 upang inyong lubusang
maunawaan, kasama ng mga
hinirang ng Diyos, kung gaano
kalawak, kahaba, kataas, at
kalalim ang kanyang pag-ibig.



# Efeso 3:14-21

**MBBTAG**

19 At nawa'y maunawaan ninyo
ang pag-ibig ni Cristo na hindi
kayang abutin ng pag-iisip at sa
gayo'y mapuspos kayo ng buong
katangian ng Diyos.



# Efeso 3:14-21

**MBBTAG**

20 Sa kanya na makakagawa
nang higit pa kaysa maaari nating
hilingin at isipin, sa pamamagitan
ng kanyang kapangyarihang
kumikilos sa atin; 21 sa kanya
nawa ang kaluwalhatian sa
pamamagitan ng iglesya at ni
Cristo Jesus sa lahat ng salinlahi
magpakailanman! Amen.



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*"Sisikapin kong umintindi (pumansin) at sadyain (magkusa) sa pananalangin ko para sa kapwa ko mananampalataya kay Kristo."*



EFESO 3:14-21

# Pagtutuklas na Tanong

## #1

Anong mga aral ang matututunan natin mula sa panalangin ni apostol Pablo para sa mga mananampalataya sa Efeso?

a. tungkol sa Diyos

b. laman ng ating panalangin

c. paano kumikilos ang Diyos sa ating buhay



EFESO 3:14-21

# Pag-uunawang Tanong

**#1**

Sinimulan ni Pablo ang talata (v.1, 14) sa pariralang “sa kadahilanang ito...” Ano ang dahilan ni Pablo kung bakit siya maaaring lumapit sa Diyos at manalangin para sa mga mananampalataya ng Efeso?



EFESO 3:14-21

# Pag-uunawang Tanong

#2

Inilalarawan ng talata 14 ang paraan ng pananalangin ni Pablo, "...Lumuhod ako sa harapan ng Ama." Bakit mahalaga ang pagluhod para sa Israelita, kay Hesus at sa kanyang mga alagad, at sa mga Kristiyano noong unang siglo?



EFESO 3:14-21

# Pag-uunawang Tanong

## #3

Tingnan ng maigi ang talata 20. Paano nito binababago ang iyong saloobin patungkol sa panalangin ngayong alam mong taglay mo ang di-masukat na biyayang espirituwal mula sa Diyos?




EFESO 3:14-21

# Aplikasyon

## #1

Bagama't ang kalagayan ng ating puso ay mas mahalaga kaysa sa posisyon o tindig ng ating katawan, ang puso ay kadalasang nananabik na ipahayag ang nararamdaman sa pisikal na paraan. Kailan ang huling pagkakataon na ikaw ay lumuhod para manalangin? Kailangan pa ba ang ganitong klaseng disiplina o kaugalian ngayon?




EFESO 3:14-21

# Aplikasyon

#2

Paano hinahamon ng halimbawa na dasal ni Pablo ang paraan ng iyong pananalangin? Suriin kung ano ang karaniwan mong ipinagdarasal para sa iyong mga kapananampalataya, at  ihambing ito sa panalangin ni Pablo. Tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba.




EFESO 3:14-21

# Aplikasyon

## #3

Anong partikular na mga bagay ang maaari mong ipanalangin ngayon para sa iyong pamilya, lalo na sa mga nananampalataya, ayon sa tinalakay at pag-aaral natin ngayon?

# Efeso 3:14-21

MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

**Pagtutuklas**
na Tanong

**Pag-uunawang**
na Tanong

**Aplikasyon**

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*"Sisikapin kong umintindi (pumansin) at sadyain (magkusa) sa pananalangin ko para sa kapwa ko mananampalataya kay Kristo."*




SMALL GROUP SESSION

# Closing Prayer

# DISCOVER. UNDERSTAND. APPLY

# Bible Study:

## Efeso 3:14-21

**SMALL GROUP SESSION**

**See You Next Week**


KBCFofficial KBCFamily kbcf.sulat@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584